

About / ACERCA DE

Noong 2017, nagtipon-tipon ang mga iba't ibang organisasyon sa buong estado para suportahan ang mga umuusbong na grassroots tenant organizing at palalimin ang kanilang lakas bilang isang kilusan para sa hustisyang pabahay. Tinawag na "California Renter Power," mahigit 400 katao ang dumalo sa pagtitipon na ito, na kumakatawan sa dose-dosenang organisasyon mula sa buong California. Sa loob ng dalawang araw sa Alameda High School sa Bay Area, nakapagbahagi ang iba't ibang kalahok ng mga kasanayan, bumuo nang pangmatagalang ugnayan sa isa't isa, at nagplano kung paano isusulong ang mga kampanya sa 2018 at sa susunod na mga taon.

Mula noon, ang mga nangungupahan sa California ay nakapaglunsad ng mahigit isang dosenang kampanya para sa *rent control* sa buong estado at nakibaka para sa Prop 10, na isang panukalang batas na magbibigay sa mga lungsod ng karapatang palawakin ang saklaw ng *rent control*. Ang mga kampanyang ito ay bahagi ng isang lumalawak na "paglaban ng mga nangungupahan" o "*renter resistance*" na ang saklaw ay hindi lamang mga paglaban para sa polisiya, kundi kasama na rin ang pagwewelga ng mga nangungupahan, pagbuo ng mga bagong unyon ng mga nangungupahan, at ang paggawa ng isang pangmatagalang solusyon para sa pagkakaroon ng matatag na pahabay at kontrol ng komunidad sa lupa at pabahay.

Ang asembleya ng *California Renter Power* ay isang kilusang pinamumunuan ng mga organisasyon ng mga nangungupahan sa pamamagitan ng *Tenants Together*, na isang malawak na kampanya sa buong estado na bahagi ng *Alliance of Californians for Community Empowerment*, bahagi rin ito ng pambansang estratehiya na *Homes for All California and Right to the City* upang bumuo ng pundasyon para sa hustisyang pabahay mula sa ibaba paitaas. Ang layunin nito ay bumuo ng isang *demokratikong pagkakaisa, baguhin ang isa't isa, at bumuo ng isang kilusan*. Nauunawaan namin na sa pamamagitan lamang nito tayo ay maaaring manalo at maipagtaggol ang ating mga lokal na polisiya na nagpoprotekta sa karapatan ng mga nangungupahan sa California.

Ang mga asembleya ay isang higit na demokratikong paraan ng pagkolekta ng mga estratehiya at pagbuo ng politikal na pagkakaisa. Ang proseso ng pagkamit ng mataas na antas ng pagkakaisa, na hindi mahuhulog lamang sa "landas kung saan hindi mababa ang pagtutol" ay nangangailangan ng paglangkap ng pagtatasa ng kasalukuyang kondisyon, at paglahok sa estratehiko at punong talakayan. Sa pamamagitan ng mga asembleya ay nakakabuo tayo ng ugnayan sa isa't isa at nakakahugot sa isa't isa ng suporta at enerhiya na kailangan natin upang ipagpatuloy ang laban. Hindi tayo mananalo kung wala ang isa't isa, at ang milyon milyon pang iba. Ang *Homes for All* ay ginagamit ang asembleya simula pa noong 2011 upang bumuo ng lakas ng mga nangungupahan o *renter power* at ng kilusan ng hustisyang pabahay sa buong bansa.

Ang mga pagtitipon ng California Renter Power ay gumagawa ng lakas sa pag-oorganisa sa pamamagitan ng anim na prinsipyong kinikilala ng *Homes for All*:

1. Pangangalaga sa Isa't Isa at Respeto.

2. Bawat Isa Ay Maaaring Magturo at Matuto.
3. Grassroots na Demokrasya.
4. Kolektibong Pagkilos.
5. Paglaya nang magkakasama.
6. Pagkakaisa.

Layunin naming buuin ang aming pagtatasa sa pamamagitan ng pagtitipon na ito, ngunit ang kilusan ay may sumusunod na pagtatasa sa mga ugat ng krisis sa

pabahay: Naniniwala kami na ang kasalukuyang sistema ng pangangamkam ng kita at pagsasamantala sa ating mga komunidad ng mga panginoong maylupa, *developers*, at mga *real-estate speculators*, na makikita sa pagtaas ng renta, pagpapalayas, pagpapaalis, at kawalan ng tahanan, ay hindi akma o gumagana para sa mga mahihirap. Ang ating kolektibong pagkilos para sa hustisyang pabahay ay nakasalig sa prinsipyo ng panglahi, pang-ekonomiya, at pangkasariang hustisya. Naniniwala kami na ang pinsala sa isa ay nakakapinsala sa lahat. Naniniwala kami na ang pabahay ay isang karapatang pantao. Naniniwala kami na upang magkatotoo ito ay kailangan nating buuin ang lakas ng mga nangungupahan at mga mahihirap na hubugin ang kanilang mga komunidad. Ang kasalukuyang kilusang ito ay nakatayo sa balik at ng mga naunang kilusan ng pabahay at mga nangungupahan sa California at higit pa, at tayo ay naghahangad na matuto mula sa ating nakaraan sa pagbuo ng kinabukasan.

Sa 2019, ipinanunukala namin na magpulong ng isang pagtitipon kasama ang mahigit 600 katao sa buong California upang palalimin ang ating ugnayan sa isa't isa at palawakin ang kilusan.

Bilang dagdag sa mga gawain para sa karapatang ukol sa mga nangungupahan mula sa unang asembleya, hinahangad namin na mapalawak ang pag-uusap na lampas sa agarang paglaban sa pagpapalis o *anti-displacement fights* sa ating pangmatagalang estratehiya para sa hustisyang pabahay. Hinahangad din namin na magbigay lugar para sa paghahanap ng solusyon sa pamamagitan ng *community land trusts*, mga kooperatiba, murang pabahay, at iba pang estratehiyang kontrolado sa demokratikong paraan.

Bago ang pang-estadong asembleya ay maghahanda kami ng 2 pang-rehiyong asembleya sa Northern California at Southern California upang paunlarin ang paunang gawaing kinakailangan upang makalahok sa pang-estadong asembleya na handang makisali sa paggawa ng isang kolektibong estratehiya.

Ang pang-estadong asembleya ay magaganap sa katapusan ng linggo sa unang bahagi ng Oktubre: Biyernes, Sabado, at Linggo. Sa Sabado ay magkakaroon tayo ng mga pagsasanay tungkol sa iba't ibang paksa, na pangungunahan mismo ng mga organisasyong pabahay at organisasyon ng mga nangungupahan upang pasiglahin ang diwa ng pagbabahagi sa isa't isa, na may tulong mula sa mga kasangguni ng pagpapasilidad at pagsasanay. Kung papayagan ng badyet, maaari kaming magpasya na mag-imbiba ng mga kasangguni sa mga pagsasanay upang magkaroon ng kapasidad na hindi namin maibibigay. Biyernes ng gabi at Linggo ng

umaga hanggang hapon ay magbibigay tayo ng panahon upang palalimin ang ating ugnayan, magkaisa, at sumama sa mga direktang pagkilos.

Sa pagtatapos ng pagtitipon ay inaasahan naming makikilala natin ang mga isyu at estratehiyang kinakailangan upang kolektibong sumulong at malalim na maitasa kung saan nakahanay ang layunin ng ating kilusan.

Sinu-sino ang nag-oorganisa ng CARP 2019?

Ang mga organisasyong nasa ibaba ay kasama sa komite ng pagpapalano. Kung nais ninyong sumali, maaari kayong mag-email kay aimee@tenantstogether.org.

- Alameda Renters Coalition
- Alliance of Californians for Community Empowerment
- Causa Justa::Just Cause
- East LA Community Corporation
- Homes for All California
- Housing Long Beach
- Los Angeles Center for Community Law and Action
- Los Angeles Tenants Union
- Long Beach Residents Empowered
- Sacred Heart Community Service – San Jose
- Strategic Actions for a Just Economy
- Tenants Together

Contact

Sumali sa komite ng pagpapalano sa pang-estadong asembleya sa Oktubre:
contact aimee@tenantstogether.org

Ang sumusunod na mga subkomite ng pagpapalano ay nakapaloob sa komite ng pagpapalano–pag-isipan ninyo kung ano ang gusto ninyong maiambag: Pagbibigay-alam at Komunikasyon bago ang kaganapan, medya habang nasa asembleya, Komite ng Adyenda, Lohistikang Komite, o Komite ng Pangangalap ng pondo.

Kinakailangan rin namin ng mga boluntaryo para sa linggong upang tumulong na siguraduhing ang pagtitipon ay maging maayos! Kontakin ang panglohistikang komite kung interesado, Matt King, Sacred Heart Community Service, sa mattk@sacredheartcs.org.

